# QUARTER 2 WEEK 1

| LESSON EXEMPLAR IN MTB-MLE | |
|---|---|
| ***Baitang at Pangkat:*** | ***Guro:*** |
| ***Petsa:*** | ***Paaralan:*** |
| ***Week 1*** | |
| ***A. Pamantayang Pangnilalalman*** | Demonstrates the ability to formulate ideas into sentences or longer texts using conventional spelling. |
| ***B. Pamantayan sa Pagganap*** | Uses developing knowledge and skills to write clear and coherent sentences, simple paragraphs, and friendly letters from a variety of stimulus materials. |
| ***C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto*** | Write paragraphs using subject, object and possessive pronouns, observing the conventions of writing |
| ***D. Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto (MELC)*** ***(Kung mayroon, isulat ang Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto o MELC)*** | Write paragraphs using subject, object and possessive pronouns, observing the conventions of writing<br>MT2C-IIa-i-2.2 |
| ***E. Pagpapaganang Kasanayan (Kung mayron, Isulat ang pagpapaganang kasanayan))*** | |
| ***F. Pagpapayamang Kasanayan*** ***(Kung mayroon, Isulat ang pagpapayamang kasanayan)*** | |
| ***II. NILALAMAN*** | **Pagsagot sa mga tanong** |
| ***III. KAGAMITAN PANTURO*** | |
| A. Mga Sanggunian | MELC p.491 CG.p96 |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pangmag-aaral | |
| 3. Mga Pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang | |

| | |
|---|---|
| Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource | |
| B. Listahan ng mga Kagamitang Panturo para sa mga Gawain sa Pagpapaunlad at Pakikipagpalihan | , Modyul |
| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
| A. PANIMULA<br><br>***Alamin***<br><br><br><br>***Subukin*** | <br><br>Sa araling ito, magsusulat ka ng talata at talatang mayroong panghalip na paari.<br><br><br><br>Basahin ang talata.<br><br><br><br>Isang umaga, pumunta si Tagpi sa palengke. Kumuha siya ng karne mula sa ibabaw ng mesa. Sa pagdaan niya sa tulay sa ibabaw ng sapa, nakakita siya ng isang asong may tangay ding karne. Sa kagustuhang mapasakaniya din ang karne, kumahol siya nang malakas kasabay ng paglaglag sa tubig ng tangay niyang karne. Pagpatak sa tubig ng karne, nawala na rin ang aso sa sapa.<br><br>Mga Tanong:<br><br>1. Ano ang hayop na binanggit sa kuwento?<br><br>2. Ano ang pangalan ng tauhan sa kuwento?<br><br>3. Ano ang kaniyang nakita?<br><br>4. Ano ang nangyari sa hayop?<br><br>5. Ilang pangungusap ang nakita mo sa iyong binasa? |

| | |
|---|---|
| | |
| B. Pagpapaunlad<br><br>*Tuklasin*<br><br><br><br><br><br><br><br>*Suriin* | ● Ito ay isang serye ng mga pangungusao na magkakaugnay at nakaayos sa isang paksa.<br>● Ang mga salitang akin, iyo,at kaniya ay tinatawag na panghalip na paari. Ang panghalip na paari ay nagpapahayag ng pag-aari o pag-aangkin.<br><br><br><br>Salungguhitan ang tamang salita na dapat gamitin.<br><br><br><br>"Nanay, 1. (akin, mo) po ba itong pulang damit?," tanong ni Annabel. "Oo anak, sa 2. (iyo, akin) nga iyan," sagot ng kanyang nanay. Maraming salamat po. Ito pong kulay asul, kay ate po ba ito? “Oo, sa 3. (kaniya, iyo) nga iyan. Ang gaganda naman ng binili 4. (niyo, niya) damit para sa amin nanay. Oo naman, basta‟t para sa 5. (kanila, inyo). Laging pinakamaganda ang pipiliin ko. |
| C. Pakikipagpalihan<br>*Pagyamanin* | Gawain 1<br>Isulat ang wastong panghalip na paari sa bawat patlang. Gawin ito sa sagutang papel.<br><br>1. “Maganda ba ang damit ko? Bigay ito sa ____ ng aking nanay.”<br><br>2. “Cj, ___ ang baunan na nasa mesa. Nakasulat doon ang pangalan mo.”<br><br>3. “Ang galing talagang gumuhit ni Marlon. ____ ang pinakamagandang pinta.”<br><br>4. “Ibinigay sa ____ ni Lani ang bulaklak dahil alam niyang paborito ko iyon.”<br><br>5. “Isidra, ___ba ang panyong ito?”<br><br><br>Gawain 2<br>Basahin ang diyalogo at bilugan ang mga panghalip na paari.<br><br>Sabado ng umaga, may pinuntahan ang kanilang ina na si Aling Lorna. Inihabilin niya sa kaniyang mga anak na sina Iya, Karina at Ivo ang mga dapat gawin habang siya‟y wala. Narito ang pag-uusap ng magkakapatid:<br><br>Karina: Inihabilin sa atin ni nanay ang paglilinis ng bahay. Magtulungan tayo upang |

| | |
|---|---|
| | matapos natin ang ating gawain.<br><br>Iya: Opo ate, sa akin po ang walis at basahan. Ako ang bahalang magwalis at maglampaso ng ating sahig.<br><br>Karina: Sige. Ivo, sa iyo naman ang timba. Ikaw ang bahalang maghakot ng tubig na panglampaso<br><br>Ivo: Walang problema ate, kayang-kaya ko yan.<br><br>Karina: Sa akin naman ang mga hugasang pinggan. Nagtulong-tulong ang magkakapatid at madaling natapos ang kanilang gawain.<br><br>Gawain 3<br><br>Bilugan ang tamang panghalip paari sa bawat pangungusap.<br><br>1. Pinapabigay ni Tata ang pagkaing ito sa (iyo, akin) dahil hilig mo raw itong kainin.<br><br>2. (Akin, Kaniya) ang damit na iyan at isusuot ko iyan bukas.<br><br>3. Sa (iyo, akin) na lang ang librong ito dahil tapos ko na itong basahin.<br><br>4. Bumili ng prutas sina nanay at tatay. (Kanila, Kaniya) ang bag na iyon.<br><br>5. (Akin, Kaniya) ang tsokolateng iyan dahil iyan ay binili ko. |
| D. Paglalapat | Sumulat ng limang pangungusap na may panghalip na paari.<br><br>1.<br><br>2.<br><br>3.<br><br>4.<br><br>5. |

| | |
|---|---|
| *Paglalahat* | Ang pagsulat ngtalata ay isang serye ng mga pangungusao na magkakaugnay at nakaayos sa isang paksa.<br>Ang mga salitang akin, iyo,at kaniya ay tinatawag na panghalip na paari. Ang panghalip na paari ay nagpapahayag ng pag-aari o pag-aangkin |
| E. Pagtataya | Sumulat ng talata na may limang pangungusap at panghalip na paari tungkol sa iyong paboritong gamit. |
| ***V. PAGNINILAY (Reflection on the type of Formative or Assessment Used for the Particular Lesson)*** | Kumpletuhin ang bawat pangungusap.<br>1. Ang natutuhan ko ngayon ay_________________________________________________________________________________________________________<br>2. Nalaman kong___________________________________________<br>3. Gusto ko pang malaman______________________________________ |